ANG GUIDE SA INYONG STAR STUDENT REPORT CALIFORNIA STANDARDS TESTS

DEPARTMENT OF EDUCATION NG CALIFORNIA

Ang guide na ito ay tutulong sa inyo na maintindihan ang report ukol sa inyong anak at ang mga rekomendasyon na ibinabahagi. Ang ilang bahagi ng report ukol sa inyong anak ay masinop na isinalin sa Tagalog at ang ibang bahagi ay isinalin sa pangkabuuan.

❶ Ang impormasyon tungkol sa inyong anak

Sa bahaging ito ay makikita ang mga sumusunod: student number, petsa ng kapanganakan, grado ng inyong anak, petsa kung kailan siya kumuha ng test, paaralan, at distrito. Kung mayroon nito, lalabas din ang inyong mailing address sa seksyon na ito.



❷ Liham ng Pagpapakilala mula sa State Superintendent of Public Instruction

Mahal na Magulang/Tagapag-alaga,

Bawat taon, sinusukat ng California Standardized Testing and Reporting (STAR) na Programa ang progreso ng inyong anak sa pagtugon sa California content standards na maikukumpara sa standards sa ibang lugar sa mundo. Inilalarawan ng standards na ito kung ano ang dapat malaman ng lahat ng mga estudyante at kung ano ang dapat nagagawa nila sa bawat grado.

Makikita sa report na ito ang iskor ng inyong anak sa mga STAR Program test. Hinihikayat ko kayong kausapin ang inyong anak at ang (mga) titser ng inyong anak tungkol sa mga resultang ito. Maliban sa pagbibigay sa inyo ng mahalagang impormasyon tungkol sa kahusayan at kahinaan ng inyong anak sa pag-aaral, nakakatulong sa atin ang mga iskor sa test na maunawaan kung gaano kahusay ang ating mga paaralan at kung paano natin mapapahusay ang pinakamahalagang trabaho sa lahat – ang paghahanda sa mga estudyante na magtagumpay sa paaralan at sa kinabukasan.

❸ Ang scale scores at performance levels o kakayahan ng inyong anak

Tingnan kung anong iskor ang nakuha ng inyong anak sa California Standards Tests (CSTs) — tingnan ang mga patayô na itim na bar sa ilalim ng bawat subject heading. Ang bilang sa itaas ng bawat bar ay ang iskor ng inyong anak sa test. Ang level ng kakayahan ng inyong anak sa bawat subject ay makikita sa mga may kulay na kahon sa kaliwa at sa text sa ilalim ng bawat itim na bar. Mayroong limang performance levels o level ng kakayahan: advanced, proficient, basic, below basic, at far below basic. Ang layunin sa California ay ang makapagtrabaho ang lahat ng mga estudyante sa proficient o advanced level.

Ang test sa English language arts at mathematics ay ibinibigay sa karamihan ng mga estudyante sa Grade 2–11. Ang test sa history–social science ay ibinibigay sa lahat ng mga estudyante sa Grade 8 at 11, at ang ilang mga estudyante sa high school ay kumukuha ng end-of-course world history test. Ang lahat ng mga estudyante sa Grade 5, 8, at 10 ay pinakukuha ng iksamen sa science at ang ilang mga estudyante sa high school ang kumukuha ng end-of-course science tests. Ang lahat ng mga test na kinukuha ng inyong anak ay binibigyan ng iskor. Kung hindi kinuha ng inyong anak ang isa o higit pa sa mga test na ito o kung ang isang iskor ay hindi inireport, itinatala ito.

❹ Maaari ninyong gamitin ang mga Web address na ito upang mahanap ang mga kompletong resulta ng STAR (**http://star.cde.ca.gov**) at ang accountability report card ng inyong paaralan (**http://www.cde.ca.gov/ta/ac/sa/**). Maaari rin kayong humingi ng kopya ng School Accountability Report Card (SARC) sa paaralan ng inyong anak.

❺ Paano ko gagamitin ang mga resulta na ito ng STAR Program?

Imumungkahi ng bahaging ito ang ibang mga paraan sa pagmomonitor ng kakayahan ng inyong anak sa iskuwela, kabilang ang mga test sa classroom, mga gawaing-bahay, at mga grado. Maaari ninyong gamitin ang mga mapagkukunan ng impormasyon na ito upang kausapin ang titser ng inyong anak tungkol sa mga ispesipikong bahagi kung saan siya dapat humusay.

❻ Tungkol sa paggamit ng impormasyong ito

Ang isang test ay makapagbibigay lamang ng limitadong impormasyon. Ang isang estudyanteng kumukuha ng parehong test nang higit sa isang beses ay maaaring magkaroon ng mas mataas o mas mababang iskor sa loob ng isang maliit na range sa bawat bahaging sinuri. Dapat ninyong kompirmahin ang mga kahusayan at mga kahinaan ng inyong anak sa mga paksang ito sa pamamagitan ng pagrebyu sa trabaho sa classroom, mga assessment batay sa standards, at progress reports na ibinibigay sa loob ng taon.



❼ Ang mga kahusayan at mga kahinaan ng inyong anak batay sa mga test na ito

Ipinapakita ng mga chart na ito kung gaano kahusay ang inyong anak sa iba't-ibang content areas para sa bawat test na kinuha. Ang subject para sa bawat test ay nakalista sa ibabaw ng bawat chart. Kasama sa karamihan ng mga report para sa mga estudyante sa Grade 2–11 ang English–language arts at mathematics. Kabilang sa mga report para sa mga estudyante sa Grade 5, 8, at 10 ang Science. Kabilang sa mga report para sa mga estudyante sa Grade 8 at 11 ang history–social science. Maaaring kabilang sa mga report para sa mga estudyante sa high school ang mga resulta para sa mga end-of-course tests sa science o world history.

Ang mga item sa California Standards Test (CST) ay nakagrupo sa mga content area sa kaliwa ng bawat chart. Ang content areas na ito ay batay sa California content standards na naglalarawan kung ano ang dapat malaman ng inyong anak at kung ano ang dapat nagagawa niya sa bawat grado. (Kung hindi kinuha ng inyong anak ang alinman sa mga test na inaasahan para sa kanyang grade level o kung walang makukuhang iskor upang iulat, nakatala ito sa ulat.)

Sa tabi ng pangalan ng bawat content area ay ang bilang ng mga katanungan na sinagot nang wasto ng inyong anak sa content area na iyon at ang persentahe ng mga katanungan na sinagot nang wasto ng inyong anak sa content area na iyon, na ipinapakita ng isang diamond sa chart. Ipinapakita ng bar ang range ng mga iksor para sa mga estudyante na nakaiskor sa proficient level sa test para sa content area na iyon.

Sa ibaba ng chart ay may karagdagang impormasyon tungkol sa performance ng inyong anak sa bawat test.

❽ Nilalaman ng bahaging ito ang isa sa mga sumusunod:

- Karagdagang impormasyon tungkol sa English–Language Arts Content Standards at sa grade-level Mathematics Content Standards (Grade 2–4, 6 at 7) o Algebra I Standards (Grade 7).
- Mga resulta ng content area sa science (Grade 5, 8, at 10), history–social science (Grade 8 at 11), at end-of-course tests.
- Mga karagdagang mapagkukunan ng impormasyon (Grade 5).

❾ *Kaliwa:* California Reading List (CRL), at: Karagdagang impormasyon tungkol sa STAR Program *o* Early Assessment Program (EAP) (para sa Grade 11)

CRL — Ang rekomendadong reading list number na ito ay batay sa California English–Language Arts Standards Test na iskor ng inyong anak. Dapat mabasa nang mag-isa ng inyong anak ang mga titulo sa listahan. Siyempre, walang iisang test ang magsasabi sa inyo kung anong mga libro ang mababasa o dapat basahin ng inyong anak—hikayatin ang iniyong anak na tingnan ang ibang reading list numbers upang makahanap ng mga magagandang libro. Ang mahusay na kakayahang magbasa ay mahalaga upang magtagumpay sa lahat ng mga subject sa iskuwela. Hikayatin ang inyong anak na magbasa sa tahanan.

Upang makita ang California Reading List:

- Bisitahin ang **http://star.cde.ca.gov** at magklik sa California Reading List.
- Magklik sa Search for a Reading List upang humanap ng mga libro para sa inyong anak.

Karagdagang impormasyon tungkol sa STAR Program — Kung ang inyong anak ay nasa Grade 3 o Grade 7, nagbibigay rin ang bahaging ito ng impormasyon kung paano makakakuha ng mga sagot sa inyong mga katanungan tungkol sa STAR Program at ang mga resulta ng STAR test ng inyong anak.

EAP — Kung ang inyong anak ay nasa Grade 11, nagbibigay rin ang bahaging ito ng impormasyon tungkol sa California State University's Early Assessment Program (EAP) at mga resulta para sa EAP, kung ang inyong anak ay kumuha ng EAP. May makukuhang karagdagang impormasyon tungkol sa EAP sa **www.calstate.edu/eap**.

❿ *Kanan:* National comparison (para sa Grade 3 at 7) *o* Karagdagang impormasyon tungkol sa STAR Program (para sa ibang mga grade)

National comparison — Kung ang inyong anak ay Grade 3 o Grade 7, kinukumpara ng kahong ito ang mga iskor ng inyong anak sa CAT/6 Survey sa mga iskor ng isang sampol ng mga estudyante sa parehong grade na binigyan ng test sa buong Estados Unidos. Ang iskor ng inyong anak ay katumbas ng persentahe ng mga estudyante sa national sample na ang iskor ay nasa parehong level o mas mababa sa inyong anak (halimbawa, ang iskor na 50 ay nangangahulugang ang iskor ng inyong anak ay kasing husay o mas mahusay sa kalahati ng mga anak sa national sample).

Karagdagang impormasyon tungkol sa STAR Program— Kung ang inyong anak ay hindi Grade 3 o Grade 7, nagbibigay ang bahaging ito ng impormasyon kung paano makakakuha ng mga sagot sa inyong mga katanungan tungkol sa STAR Program at ang mga resulta ng STAR test ng inyong anak.